# SA MGA NAGHAHANAP NA NGAYO'Y HINAHANAP

JERIC JIMENEZ

Minsan silang naghanap, marahil
ng mga nawawalang di na nila nahanap
ngunit dahil sa tiyaga, muli nila itong nasumpungan.
Ngunit di laging tagumpay ang paghahanap,
tulad ng susi o nawawalang mga bagay,
marahil, na di na nila nakita
o naipisok sa kung saan.
Minsan silang naghanap ng mga nawawalang hayop
nagpaskil ng mga panawagang "Nawawala"
pakihanap, pakitanong, pakisabi kung nasaan
at kapag nahanap, may pabuya sa makapagsasabi.
Pabuyang di rin alam kung kanino kukunin
o kung may pagkukunan nga ba.
Tahimik silang naghanap ng mga nawawalang puso
hinanap nila ito sa mga sigaw sa lansangan
sa mga walang katapusang martsa sa mga rali
at pakikibuno sa mga naglalakihang hose ng mga pulis.
Naisip din nila marahil na nasa puso ng mga bumubomba sa kanila
ang hinahanap nilang damdamin
pero sa bawat mahahaplit na hampas ng tubig sa kanilang balat,
pero sa bawat sakit ng hambalos sa kanila ng mga batuta
pero sa bawat mura at masasakit na salita ng mga unipormado
wala, wala roon ang hinahanap nilang puso
wala, wala roon ang hinahanap nilang pagmamalasakit.
Nagpatuloy silang sumigaw sa lansangan, nagmartsa,
nanawagan ng mga katarungan.
Nagpatuloy sila sa paghahanap sa mga nawawala
sa mga minsan nilang nakasama sa mga rali't demonstrasyon
sa mga minsan nilang kakapit-bisig habang matindi ang sikat ng araw
sa mga minsan nilang nakasama sa paglubog sa masa't
paglubog sa putikan.
Naghanap din sila sa U.S Embassy
Naghanap din sila sa paanan ng Mendiola
Naghanap din sila sa mga panawagan sa mga bandila
Naghanap din sila sa mga libro ng mga maiinit
sa mga akda ng mga naglalagablab

naghanap din sila sa mga rehas
naghanap din sila sa mga kulungan
naghanap sila kung saan-saan
naghanap sila upang may maibalik
at punan ang mga espasyo't kulang
naghanap sila upang punan ang mga puwang
naghanap sila upang pabulaan ang mga Nino at Nina
naghanap sila upang pasinungalingan ang mga Kulapo at Kulapa
naghanap sila
ngunit sa di malamang dahilan
naghanap silang
patuloy na ngayong hinahanap.